Abril 9, 2024

# Mga Serbisyo sa Residensyal na Basura at Pagreresikulo
# Paunawa sa Rate ng Tagsibol 2024

## *Mga Madalas Itanong*

**Ano ang iminumungkahing pagbabago sa rate para sa FY 2024-25?**

Ang iminumungkahing pagtaas ng rate ay hanggang 6 % para sa mga tirahan ng Solong Pamilya [Single-Family dwellings (SFDs)] at hanggang 3 % para sa mga tirahan ng maraming pamilya [multi-family dwellings (MFDs)]. Ang mga karagdagang detalye sa mga pagbabago sa rate ay matatagpuan sa Talahanayan1 para sa SFD (Solong Pamilya) at Talahanayan 2 para sa MFD (Maraming Pamilya).

**Talahanayan 1 – Iminumungkahing Mga Rate ng Basura at Pagreresikulo para sa Solong Pamilya**

| ISKEDYUL NG MGA IMINUMUNGKAHING BUWANANG RATE NG SERBISYO SA RESIDENSYAL NA BASURA AT PAGRERESIKULO (Epektibo sa Hulyo 1, 2024) | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Sukat ng Kariton ng Basura** | **Kasalukuyang Buwanang Rate** | **Pinakamataas na Iminungkahing Buwanang Rate** | **Pinakamataas na Iminungkahing Pagtaas ng Buwanang Rate** (6%)** | **Pinakamataas na Iminungkahing Taunang Rate**** |
| **32-Galon** | $51.40 | $54.48 | $3.08 | $653.76 |
| **64-Galon** | $102.80 | $108.96 | $6.16 | $1,307.52 |
| **96-Galon** | $154.20 | $163.44 | $9.24 | $1,961.28 |
| **Opsyonal Kariton para sa Trimmings ng Bakuran*** | $6.85 | $7.26 | $0.41 | $87.12 |

Para sa serbisyong koleksyon sa nasasakupan, ang dagdag na singil sa serbisyo ay tataas din ng hanggang 6 % hanggang $111.03 bawat sambahayan sa pangunahing buwanang rate ng serbisyo.

*Ang opsyonal na serbisyo ng kariton para sa trimming ng bakuran ay isang dagdag na serbisyo na may karagdagang singil. Kung napili ang serbisyong ito, ang dagdag na singil ng serbisyo ay isasama sa pangunahing buwanang rate ng serbisyo para sa pinal na pagsingil.

**Pinakamataas na Iminungkahing rate

**Talahanayan 2 – Mga Iminungkahing Rate sa Basura at Pagreresikulo para sa Maraming Pamilya**

| ISKEDYUL NG MGA IMINUMUNGKAHING BUWANANG RATE NG SERBISYO SA RESIDENSYAL NA BASURA AT PAGRERESIKULO (Epektibo sa Hulyo 1, 2024)* | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Sukat ng Bin ng Basura | 1x/ linggo | | 2x/ linggo | | 3x/ linggo | | 4x/ linggo | | 5x/ linggo | | Ekstrang Pagkuha | |
| | Kasalukuyang Rate | Pinakamataas na Iminungkahing Rate | Kasalukuyang Rate | Pinakamataas na Iminungkahing Rate | Kasaalukuyang Rate | Pinakamataas na Iminungkahing Rate | Kasalukuyang Rate | Pinakamataas na Iminungkahing Rate | Kasalukuyang Rate | Pinakamataas na Iminungkahing Rate | Kasalukuyang Rate | Pinakamataas na Iminungkahing Rate |
| 1 | $149.48 | $153.96 | $270.76 | $278.88 | $392.07 | $403.83 | $513.40 | $528.80 | $634.73 | $653.77 | $64.32 | $66.24 |
| 1.5 | $187.78 | $193.41 | $344.51 | $354.84 | $501.27 | $516.30 | $658.05 | $677.79 | $814.77 | $839.21 | $73.17 | $75.36 |
| 2 | $227.05 | $233.86 | $419.28 | $431.85 | $611.49 | $629.83 | $803.69 | $827.80 | $995.88 | $1,025.75 | $82.11 | $84.57 |
| 3 | $303.75 | $312.86 | $566.90 | $583.90 | $830.00 | $854.90 | $1,093.13 | $1,125.92 | $1,356.20 | $1,396.88 | $99.92 | $102.91 |
| 4 | $380.51 | $391.92 | $714.56 | $735.99 | $1,048.52 | $1,079.97 | $1,382.56 | $1,424.03 | $1,716.60 | $1,768.09 | $117.77 | $121.30 |
| 5 | $457.21 | $470.92 | $862.11 | $887.97 | $1,267.08 | $1,305.09 | $1,672.04 | $1,722.20 | $2,076.98 | $2,139.28 | $134.64 | $138.67 |
| 6 | $533.95 | $549.96 | $1,009.82 | $1,040.11 | $1,485.66 | $1,530.22 | $1,961.47 | $2,020.31 | $2,437.34 | $2,510.46 | $153.39 | $157.99 |
| 8 | $687.40 | $708.02 | $1,305.07 | $1,344.22 | $1,922.70 | $1,980.38 | $2,540.35 | $2,616.56 | $3,158.02 | $3,252.76 | $189.03 | $194.70 |

*Pinakamataas na Iminungkahing rate

| Mga Singil sa Dismount at Push Bawat Bin ng Basura Bawat Push* | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Distansiya (satalampakan) | Hanggang 25ft | 26-50 | 51-75 | 76-100 | 101-125 | 126-150 | 151-175 | 176-200 |
| Kasalukuyang Rate | $33.45 | $66.93 | $100.40 | $133.88 | $167.36 | $200.83 | $234.31 | $267.79 |
| Pinakamataas na Iminungkahing Rate | $34.45 | $68.93 | $103.41 | $137.89 | $172.38 | $206.85 | $241.33 | $275.82 |

*Kasama sa mga rate ang push ng pantay na distansiya pra sa mga bin na pangresikulo o mga kariton.

| Mga Singil sa Dismount at Push Bawat Koleksyon ng mga Karitong Pangresikulo | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Distansiya (sa talampakan) | Hanggang 25ft | 26-50 | 51-75 | 76-100 | 101-125 | 126-150 | 151-175 | 176-200 |
| Kasalukuyang Rate | $0.00 | $33.45 | $66.92 | $100.38 | $133.85 | $167.31 | $200.78 | $234.25 |
| Pinakamataas na Iminungkahing Rate | $0.00 | $34.45 | $68.92 | $103.39 | $137.86 | $172.32 | $206.80 | $241.27 |

| Mga Rate ng Serbisyong Compactor para sa Maraming Pamilya | |
|---|---|
| Rate | Bawat Koleksyon, Bawat Kubikong Yarda |
| Kasalukuyang Rate | $71.47 |
| Pinakamataas na Iminungkahing Rate | $73.61 |

**Bakit nagbabago ang mga rate?**

Ang mga rate ng San José para sa mga serbisyo sa Residensyal na Basura at Pagreresikulo ay sinasaklaw ang mga gastos sa pagbibigay ng mga serbisyo sa residensyal na solidong basura. Ang mga serbisyo sa basura at pagreresikulo ay dapat sumusuporta sa sarili at hindi maaaring suportahan ng buwis sa ari-arian o iba pang mga pondo. Sinusuportahan ng mga pagbabago sa rate ang mga pagtaas ng gastos sa pagkontrata, kabilang ang mga pagsasaayos ng taunang gastos ng pamumuhay para sa mga gastos tulad ng gasolina at paggawa. Ang paglago sa mga pagpapaunlad ng pabahay ay nag-aambag din sa pagtaas ng mga gastos sa pagkontrata. Ang mga kasunduan sa solidong basura ay nagbibigay ng lingguhang residensyal na basura, walang limitasyong pagreresikulo at koleksyon at pagpoproseso ng trimming ng bakuran; walang limitasyong mga pagkuha ng basura; pagpoproseso ng basura upang alisin ang mga nareresikulo at mga organics/pagkain na basura para sa pag-compost; on-demand

na koleksyon ng langis ng motor at panala ng langis ng solong pamilya; at mga gastos sa landfill. Sinasaklaw din ng mga rate ang kawani ng City Call Center, mga serbisyo sa pagsingil at pagbabayad, pangangasiwa ng programa at pakikipag-ugnayan sa kustomer.

**Bakit tayo nagkakaroong muli ng pagbabago sa rate ngayong taon? Hindi ba noong nakaraang taon lang ay nagkaroon tayo ng pagbabago sa rate?**

Sinasaklaw ng mga rate ang mga gastos sa pagbibigay ng serbisyo, na karaniwang tumataas bawat taon dahil sa taunang pagtaas ng gastos sa pamumuhay para sa mga kasunduan sa solidong basura (bilang karagdagan sa iba pang mga kadahilanan).

**Magkano ang nagbago sa mga rate sa nakalipas na ilang taon?**

Sa nakalipas na tatlong taon, ang mga rate ng tirahan ng solong pamilya [single-family dwelling (SFD)] ay tumaas ng average na 9.6 %. Tingnan ang Talahanayan 3 para sa karagdagang impormasyon.

**Talahanayan 3 – Kasaysayan ng mga Pagbabago ng Rate para sa Solong Pamilya**

| Mga Taon ng Pananalapi | Rate ng 32-Galon | Porsiyento ng Pagtaas |
|---|---|---|
| FY 2023-24 | $51.40 | 4% |
| FY 2022-23 | $49.43 | 8% |
| FY 2021-22 | $45.77 | 17% |
| FY 2020-21 | $39.12 | 9% |
| FY 2019-20 | $35.89 | 5% |
| FY 2018-19 | $34.19 | 3% |

Sa nakalipas na tatlong taon, ang mga rate ng tirahan ng maraming pamilya [multi-family dwelling (MFD)] ay tumaas ng average na 4.3 %. Tingnan ang Talahanayan 4 para sa karagdagang impormasyon.

**Talahanayan 4 –Kasaysayan ng mga Pagbabago ng Rate para sa Maraming Pamilya**

| Mga Taon ng Pananalapi | 1CY bin, 1x lingguhang Rate | Porsiyento ng Pagtaas |
|---|---|---|
| FY 2023-24 | $149.48 | 2% |
| FY 2022-23 | $146.55 | 4% |
| FY 2021-22 | $140.92 | 7% |
| FY 2020-21 | $131.71 | 5% |
| FY 2019-20 | $125.44 | 7% |
| FY 2018-19 | $117.13 | 0% |

**Paano maikukumpara ang mga rate ng San José sa iba pang mga lungsod?**

Ang mga serbisyong kasama sa mga rate ng basura at pagreresikulo at nag-iiba-iba sa bawat lungsod. Natatangi sa San José, kasama sa mga serbisyong residensyal ang walang limitasyong pagreresikulo at koleksyon ng trimmings ng bakuran, walang limitasyong koleksyon ng basura, at koleksyon ng nagamit na langis. Ang Talahanayan 5 at 6 ay nagbibigay ng ng mga rate ng basura at pagreresikulo para sa solong pamilya at maraming pamilya kumpara sa ibang

mga lungsod sa Bay Area na may katulad na antas ng serbisyo.

**Talahanayan 5 – Solong Pamilya, Mga Pagkukumpara ng Rate ng 32-Galon**

| Mga Pangrehiyong Hurisdiksyon | Buwanang Rate* |
|---|---|
| San Francisco | $47.50 |
| Oakland | $58.77 |
| Santa Clara | $49.12 |
| **San José (Proposed for 2024-25)** | **$54.48** |
| Palo Alto | $50.07 |
| **San José (Current)** | **$51.40** |
| Fremont | $46.84 |
| Sunnyvale | $44.64 |
| Hayward | $44.22 |

***Hindi kasama ang mga pagtaas ng rate para sa 2024-25 mula sa iba pang mga hurisdiksyon na hindi pa alam ngunit inaasahan**

**Talahanyan 6 – Maraming Pamilya, Mga Pagkukumpara ng Rate ng 3-Kubikong Yarda ng Bin (na may 1x lingguhang koleksyon)**

| Mga Pangrehiyong Hurisdiksyon | Buwaanang Rate* |
|---|---|
| San Francisco | $774.26 |
| Oakland | $978.42 |
| Santa Clara | $1,008.57 |
| **San José (Proposed for 2024-25)** | **$312.86** |
| Palo Alto | $786.96 |
| **San José (Current)** | **$303.75** |
| Fremont | $762.28 |
| Sunnyvale | $963.40 |
| Hayward | $746.42 |

***Hindi kasama ang mga pagtaas ng rate para sa 2024-25 mula sa iba pang mga hurisdiksyon na hindi pa alam ngunit inaasahan**

**Magbabago ba ang lahat ng bayad sa serbisyo sa basura at pagreresikulo?**

Hindi. Walang iminumungkahing mga pagbabago sa mga rate ng Pagkuha ng Kontaminadong Karitong Pangresikulo, ang Nawala, Ninakaw o Naabusong Kariton, o ang Ekstrang Sticker ng Basura para sa FY 2024-25.

**Magkakaroon din ba ng isa pang pagbabago sa rate sa susunod na taon?**

Maaari. Ang pangangailangan para sa mga pagsasaayos ng rate ay tinataya bawat taon at dumedepende sa ilang kadahilanan tulad ng pagtaas ng gastos sa pagkontrata.

**Paano Naaapektuhan ang Koleksyon sa Nasasakupan?**

Ang mga residenteng nag-subscribe sa Serbisyong Koleksyon sa Nasasakupan ay makakakita ng pagtaas ng buwanang bayarin ng hanggang 6 %. Ang kasalukuyang singil sa koleksyon sa nasasakupan ay $156.15 bawat buwan para sa 32-galong kariton ng basura na antas ng serbisyo at tataasng hanggang $9.36 bawat buwan sa FY 2024-25. Tingnan ang Talahanayan 7 sa ibaba pasa sa kung paano ito nakakaapekto sa kabuuang mga rate ng serbisyo. Kinakalkula ang mga rate sa pamamagitan ng pagdaragdag ng singil sa Serbisyong Koleksyon sa Nasasakupan sa pangunahing sukat ng kariton ng basura.

**Talahanayan 7 – Mga Rate ng Serbisyo sa Koleksyon sa Nasasakupan para sa Solong Pamilya**

| Sukat ng Kariton ng Basura | Kasalukuyang Buwanang Rate | Iminungkahing Buwanang Rate | Iminungkahing Pagtaas ng Buwanang Rate | Iminungkahing Taunang Rate |
|---|---|---|---|---|
| 32-Galon | $156.15 | $165.51 | $9.36 | $1,986.12 |
| 64-Galon | $207.55 | $219.99 | $12.44 | $2,639.88 |
| 96-Galon | $258.95 | $258.95 | $15.52 | $3,107.4 |

**Paano ako magsusumite ng protesta sa rate?**

Magsumite ng mga nakasulat na protesta sa Opisina ng Klerk ng Lungsod sa anyo ng isang sulat, fax, o email bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig sa Hunyo 4, 2024. Dapat mong isaad ang (mga) Numero ng Parsela ng Tagasuri ng (mga) ari-arian na pagmamay-ari mo na napapailalim sa iminungkahing pagsasaayos ng rate. Ang numero ng parsela ay nakaimprenta sa harapang panel ng paunawa sa rate. Kung may mayoryang protesta, hindi pagtitibayin ang pagtaas.

Ipadala sa koreo, fax o email ang iyong nakasulat na protesta sa:

| Koreo | Fax | Email |
|---|---|---|
| Residential Garbage and<br>Recycling Rate Change<br>City of San José – Office of the City Clerk<br>200 E. Santa Clara St. Tower 14th Floor<br>San José, CA 95113-1905 | (408) 292-6207<br>Residential Garbage and Recycling<br>Rate Change | RPRateProtest@sanjoseca.gov |

Magsisimula ang Pagpupulong ng Konseho nang 1:30 p.m. sa City Council Chambers sa City Hall sa 200 East Santa Clara Street, San José. Ang napapanahong impormasyon sa mga pagdinig ay ipapaskil online sa Agenda ng Konseho ng Lungsod para sa pagpupulong. Ang mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ay maaaring daluhan nang personal o panoorin sa streaming sa SanJoseCA.gov/CivicCenterTV.

**MGA TANONG SA EKONOMIYA**

**Bakit babaguhin ang mga rate ngayon?**

Ang mga pagbabago sa rate ay kailangan upang gawing sumusuporta sa sarili ang mga serbisyo ng basura at pagreresikulo, upang ang mga pondo ng nagbabayad ng buwis ay hindi kailangang ilihis mula sa iba pang

mahahalagang pangangailangan. Ang pagbabago sa rate ay susuportahan ang mga pagtaas ng gastos sa pagkontrata, kabilang ang nga taunang pagsasaayos sa gastos ng pamumuhay para sa mga gastos tulad ng gasolina at paggawa.

**Gagamitin ba ang pera mula sa rate ng solidong basura para sa iba pang mga proyekto sa ibang lugar sa Lungsod?**

Ang iyong mga rate ng basura ay nagbabayad lamang para sa mga serbisyo ng basura at pagreresikulo, mga pagkuha ng basura, trimmings ng bakuran, pagreresikulo ng langis ng motor at panala ng langis, at mga programa sa pag-compost. Ang mga pondo na ginagamit para sa mga serbisyo ng basura at pagreresikulo, at ang mga ginagamit para sa mga kapital na proyekto tulad ng mga gusali o pagpapaunlad ng parke ay hindi mapapagpalit. Ang mga pagtaas ng rate at pamamahala sa gastos ay nagdadala sa programa ng basura at pagreresikulo sa pagbawi ng gastos.

## MGA TANONG SA KARITON

**Paano kung gusto kong bawasan ang aking kasalukuyang serbisyo sa basura para makatipid ng pera?**

Kung patuloy kang makakapag-resikulo ng mas maraming bagay at/o makabuo ng mas kaunting basura sa bahay, maaari mong bawasan ang laki ng iyong kariton ng basura. Gayunpaman, dapat mong tiyakin na ang takip ng iyong kariton ng basura ay ganap na nakasara para sa koleksyon. Kung hindi, kailangan mong bumili ng Ekstrang Sticker ng Basura, na nagkakahalaga ng $6.25 bawat isa. Maaaring mabili ang mga Ekstrang Sticker ng Basura sa lahat ng aklatan ng San José, mga tindahan ng Lucky at Safeway o sa bintana ng cashier sa unang palapag ng San José City Hall.

**Maaari ba akong maki-bahagi ng kariton sa aking kapitbahay upang makatipid sa mga gastusin sa basura at pagreresikulo?**

Hindi. Ang nakabahaging serbisyo ay hindi magagamit para sa mga nakahiwalay na mga ari-arian ng solong pamilya. (Titulo 9, Kabanata 9.10.455 ng Code ng Munisipyo).

## MGA TANONG SA SERBISYO

**Maaari ko bang kanselahin ang aking serbisyo sa basura?**

Ang Code ng Munisipyo ng Lungsod ay nangangailangan ng mandatong lingguhang serbisyo sa basura upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko; hindi maaaring kanselahin ang serbisyo ng basura. Ang Lungsod ay nagpapanatili ng isang eksklusibong sistema upang subaybayan ang pagbibigay ng serbisyo, na nagpapanatili ng mababang gastos at nagsisiguro ng mga de-kalidad na serbisyo sa buong lungsod upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan. Binabawasan ng mandatong serbisyo ang iligal na pagtatapon.

**Isa akong tagapamahala ng ari-arian ng isang apartment complex. Paano ko mahihikayat ang mga residente na magresikulo nang mas mabuti o bawasan ang aming mga bayad sa serbisyo sa basura?**

Tawagan ang GreenTeam ng San José, ang tagapagbigay ng serbisyo ng basura at pagreresikulo para sa iyong complex, at hilingin sa kanila na mag-iskedyul ng pagtatasa ng iyong mga pangangailangan sa serbisyo ng basura. Maaari din silang magbigay ng mga label ng bin at dumpster, at mga enclosure poster para matulungan ang mga residente na makagawa ng isang mas mahusay na trabaho. Ang kanilang numero ng telepono ay (408) 282-4400.

**Paano ko mahahanap ang tamang impormasyon sa pagreresikulo at dagdagan ang malinis, mga nareresikulong materyales upang mapanatiling mababa ang gastos?**

Bisitahin ang SanJoseRecycles.org upang makahanap ng higit sa 400 aytem mulasa isang mahahanap na database pati na rin ang mada-download na mga gabay sa sanggunian. Ang website na ito nasa Spanish sa SanJoseRecicla.org at nasa Vietnamese sa SanJoseTaiChe.org

**Paano ko makukuha ang impormasyong ito sa ibang mga pormat at lenggwahe?**

Ang impormasyong ito ay makukuha sa maraming lenggwahe sa pamamagitan ng pag-click sa naaangkop na mga link sa SanJoseCA.gov/RateNotices, o sa mga alternatibong pormat gaya ng braille, malaking print, audiotape, o flash drive sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 535-3500 (boses) o (800) 735-2929 (California Relay).

## PILOT NA MGA TANONG

**Isa akong kalahok sa Larger Garbage Cart Pilot/Study. Paano makakaapekto ang pagtaas ng rate sa aking rate ng serbisyo? Sisingilin ba ako ng bagong rate para sa mas malaking sukat ng kariton?**

Ang pagbabago sa taunang rate ay iaangkop lamang sa iyong karaniwang antas ng sserbisyo na nasa talaan ng Lungsod at ng iyong tagapagbigay ng serbisyo.

*Hindi ka sisingilin* para sa rate ng mas malaking kariton, dahil isa kang kalahok ng pag-aaral. Maaari mong panatilihin ang iyong mas malaking kariton para sa buong tagal ng pag-aaral at sisingilin lamang para sa iyong karaniwang antas ng serbisyo kasama ang anumang pagbabago sa taunang rate na naaangkop sa partikular na antas ng serbisyo. Bisitahin ang SJEnvironment.org/Larger-Cart-Study para sa higit pang impomasyon.